# Pag-secure sa Iyong mga Device

**Nagbibigay ang resource na ito ng ilang praktikal na unang hakbang para sa pag-secure ng mga device laban sa mga karaniwang anyo ng pag-track sa device at sinasaklaw nito ang mga aksyon gaya ng pag-off sa Bluetooth, WiFi, at pag-share ng lokasyon; pag-rename ng iyong device; pagsusuri para sa spyware at mga pahintulot ng app; at paggawa ng factory reset.**

**Mga pangkalahatang tip ang mga ito para mapanatiling secure ang iyong mga device. Ang mga eksaktong hakbang ay posibleng naiiba para sa magkakaibang device at magbago sa paglipas ng panahon.**

Sa mga iPhone at iPad, karaniwang makikita mo ang isang setting sa pamamagitan ng pag-tap sa “Settings (Mga Setting)” sa Home Screen, pagkatapos ay pag-swipe pababa para ipakita ang search bar. (Para sa tulong, tingnan ang http://tiny.cc/iphonesearch.)

Sa mga Android device, mag-swipe pataas mula sa Home Screen: may lalabas na search bar na nagsasabing “Search Your Phone and More (Maghanap sa Iyong Telepono at Higit pa)”. I-type ang setting na hinahanap mo sa search bar.

## I-off ang Bluetooth at WiFi kapag hindi mo ginagamit ang mga ito

Nakikita ng iba pang device ang iyong device dahil sa Bluetooth at WiFi. Kapag hindi mo ginagamit ang mga ito, i-off ang mga ito sa pamamagitan ng pagpunta sa **Mga Setting** o pag-tap sa mga icon ng **Bluetooth** at **WiFi**.

Puwede ka ring pumunta sa mga setting ng iyong Bluetooth (**Mga Setting > Bluetooth**) at maghanap ng anumang device na nakapares sa telepono mo. Kung may anumang device na hindi mo nakikilala, i-unpair ang mga ito.

## I-off ang pag-share ng lokasyon

Gumagana pa rin ang pag-share ng lokasyon at mga app tulad ng “Find my Phone (Hanapin ang Aking Telepono)” kung naka-off ang iyong telepono, kaya kailangan mong i-off ang mga ito sa mga setting. Sa isang iPhone, buksan ang **Mga Setting** > Privacy (Pagkapribado) > Location Services (Mga Serbisyo sa Lokasyon) o maghanap para sa “Location Services (Mga Serbisyo sa Lokasyon)”, at i-off ang pag-share ng lokasyon.

Sa isang Android device, buksan ang **Maps (Mga Mapa)**, i-tap ang iyong larawan sa profile at pagkatapos ay Location sharing (Pag-share ng lokasyon). I-tap ang larawan sa profile ng sinumang *hindi dapat* nakakakita sa iyong lokasyon, at pagkatapos ay i-tap ang “Stop (Itigil)”.

**Icon key**

Mga Setting

Bluetooth

WiFi

Toggle

Maps

Tatlong dot

# Pag-secure sa Iyong mga Device

## I-rename ang iyong mga device

Kahit na hindi mo kailanman binago ang pangalan ng iyong telepono, may pangalan pa rin itong tumutukoy rito. Sa isang iPhone, i-tap ang **Mga Setting** > General (Pangkalahatan) > About (Tungkol dito) > Name (Pangalan), o maghanap para sa "Name (Pangalan)", pagkatapos ay maglagay ng bagong pangalan at i-tap ang "Done (Tapos na)".

Sa isang Android device, i-tap ang **Mga Setting** > About phone (Tungkol sa telepono) > Device name (Pangalan ng device), o maghanap para sa "Name (Pangalan)", pagkatapos ay ilagay ang bagong pangalan at i-tap ang "OK".

## Tingnan kung may spyware

Ang ibig sabihin ng "spyware" ay mga app na nagbibigay-daan sa ibang tao na matiktikan ang iyong device. Tingnan para malaman kung may anumang app na hindi mo nakikilala. Sa isang iPhone, mag-swipe pakanan sa Home screen hanggang sa makita mo ang App Library.

I-tap ang search box sa itaas ng screen, pagkatapos ay mag-scroll sa listahan ng mga app at alisin ang anumang hindi mo nakikilala.

Sa isang Android device, pumunta sa **Mga Setting** > Apps and notifications (Mga app at notification) > See all apps (Tingnan ang lahat ng app), o maghanap para sa "Apps (Mga app)".

May mga magagamit ka ring app tulad ng *Certo* at *Incognito* na isa-scan ang iyong mga device para sa spyware, pero dapat alam mong palaging may posibilidad na posibleng may spyware pa rin sa iyong telepono.

## Tingnan ang mga pahintulot ng app

Puwede mo ring pigilan ang anumang app sa pagkolekta o pag-share ng mga bagay tulad ng iyong lokasyon. Sa isang iPhone, i-tap ang **Tatlong dot**> Privacy & Security (Pagkapribado at Seguridad) > App Privacy Report (Ulat sa Pagkapribado ng App) para makita kung ano ang shine-share ng bawat app, o maghanap para sa "Privacy Report (Ulat sa Pagkapribado)". I-tap ang bawat app para baguhin ang mga setting.

**Icon key**

Mga Setting



Tatlong dot

Toggle

Sa isang Android device, i-download ang *DuckDuckGo* app sa Play store at pagkatapos ay buksan ito. I-tap ang **Mga Setting** > App Tracking Protection (Proteksyon sa Pag-track ng App) at pagkatapos ay i-slide ang **toggle** pakanan.

## Factory reset

Kung nagawa mo na ang lahat at sa tingin mo ay may nagta-track pa rin sa iyong telepono, puwede kang gumawa ng factory reset. Gayunpaman, ide-delete nito ang lahat ng data, kabilang na ang anumang ebidensya sa iyong telepono. Kung ire-reset mo ang iyong telepono, hindi ka makakapag-restore mula sa na-save na backup dahil posibleng ma-load ulit ang kung anuman ang nagta-track sa iyo: kailangan mong magsimula ulit sa umpisa.

Kung sigurado kang gusto mo itong gawin, sa isang iPhone, puwede mong i-tap ang **Mga Setting** > General (Pangkalahatan) > Transfer or Reset iPhone (Ilipat o I-reset ang iPhone), pagkatapos ay Erase All Content and Settings (Burahin ang Lahat ng Content at Setting). Puwede mo ring hanapin ang "Reset (I-reset)" para makita ang setting na ito.

Kung may iPhone ka, puwede mo ring i-on ang Lockdown Mode, na magpoprotekta sa iyo laban sa karamihan sa mga uri ng spyware. Nililimitahan din nito kung gaano mo magagamit ang mga app tulad ng FaceTime at Safari. Tingnan ang https://support.apple.com/en-ca/HT212650 para sa higit pa tungkol sa Lockdown Mode.

Sa isang Android device, magsimula sa pamamagitan ng pagpunta sa **Mga Setting**, pagkatapos ay maghanap para sa "Reset (I-reset)". Maghanap ng resulta tulad ng "Factory reset" o "Erase all data (Burahin ang lahat ng data)" at i-tap ito.

MediaSmarts

*Financial contribution from*

Public Health Agency of Canada | Agence de la santé publique du Canada

# Ligtas na Komunikasyon

**Nagbibigay ang resource na ito ng ilang praktikal na unang hakbang para sa ligtas na komunikasyon online para maiwasan ang mga karaniwang anyo ng pag-track online at sinasaklaw nito ang mga aksyon gaya ng pag-sign out sa mga account, pag-off sa pag-share ng lokasyon, pagsuri sa mga setting ng pagkapribado, at pagbabago ng mga password.**

**Mga pangkalahatang tip ang mga ito para mapanatiling secure ang iyong mga device. Ang mga eksaktong hakbang ay posibleng naiiba para sa magkakaibang device at magbago sa paglipas ng panahon.**

Sa mga iPhone at iPad, karaniwang makikita mo ang isang setting sa pamamagitan ng pag-tap sa “Settings (Mga Setting)” sa Home Screen, pagkatapos ay pag-swipe pababa para ipakita ang search bar. (Para sa tulong, tingnan ang http://tiny.cc/iphonesearch.)

android

Sa mga Android device, mag-swipe pataas mula sa Home Screen: may lalabas na search bar na nagsasabing “Search Your Phone and More (Maghanap sa Iyong Telepono at Higit pa)”. I-type ang setting na hinahanap mo sa search bar.

## Mag-sign out sa lahat ng account

Posibleng naka-sign in ka sa ilang app sa mahigit isang device. Narito kung paano mag-sign out sa lahat ng device sa *Facebook*: i-tap ang **Tatlong dot** at pagkatapos ay **Mga Setting**, pagkatapos ay “Password and Security (Password at Seguridad)” at pagkatapos ay “Accounts Center”. I-tap ang “Password and Security (Password at Seguridad)” at pagkatapos ay “Where You’re Logged In (Kung Saan Ka Naka-log In)”.

Makikita mo na ngayon ang lahat ng iyong *Facebook*, *Instagram* o *WhatsApp* account. I-tap ang bawat isa para makita kung sa aling mga device ka naka-log in, at pagkatapos ay i-tap ang “Log Out (I-log Out)” para sa bawat isang device na hindi ang telepono mo.

**Icon key**

- Tatlong dot
- Mga Setting
- Tatlong vertical na dot
- Toggle

## I-off ang pag-share ng lokasyon sa social media

Mahalaga ito kung gumagamit ka ng *Snapchat*, na nagpapakita kung nasaan ka sa mapa. Para gawin ito, buksan ang *Snapchat* at i-tap ang iyong icon sa profile. Sunod, i-tap ang **tatlong vertical na dot** sa kanang bahagi sa itaas at mag-scroll pababa sa seksyong "Who Can... (Sino ang...)". Kung ita-tap mo ang "See My Location (Nakakakita sa Aking Lokasyon)", may lalabas na pop-up na nagsasabing "Ghost Mode." **I-toggle** ito sa "On (Naka-on)".

Sa *Facebook* o *Instagram*, puwede mong i-off ang lokasyon sa pamamagitan ng pag-tap sa **Mga Setting**> Privacy (Pagkapribado) > Location Services (Mga Serbisyo sa Lokasyon) at pagkatapos ay pag-tap sa **Toggle** sa tabi nito. Inilalagay ito ng karamihan sa iba pang social network sa mga katulad na lugar sa loob ng mga setting tulad ng "Privacy (Pagkapribado)" o "Safety (Kaligtasan)".


## Suriin ang mga setting ng pagkapribado

Lahat ng iyong account sa social network ay may mga setting ng pagkapribado, na karaniwang maa-access mo sa pamamagitan ng pag-tap sa **Mga Setting** at pagkatapos ay sa katulad ng "Privacy (Pagkapribado)," "Privacy and Security (Pagkapribado at Seguridad)", o "Audience." Tiyaking nakatakda ito para ipakita lang ang pino-post mo sa Friends (Mga Kaibigan).

## Magbago ng mga password sa cloud storage

Kung gumagamit ka ng anumang cloud storage para sa iyong mga larawan o video, tulad ng *iCloud* o *Google Drive*, tiyaking nabago mo ang password para walang sinupaman na makaka-access dito.

MediaSmarts

*Financial contribution from*

Public Health Agency of Canada | Agence de la santé publique du Canada

# Ligtas na Pag-browse

**Nagbibigay ang resource na ito ng ilang praktikal na unang hakbang para sa ligtas na pag-browse online para maiwasan ang mga karaniwang anyo ng pag-track online at sinasaklaw nito ang mga aksyon gaya ng paggamit ng mga browser na nakatuon sa pagkapribado, pag-browse nang pribado/incognito, pag-clear ng history, at pag-sign in gamit ang mga anonymous na email at matibay na password.**

**Mga pangkalahatang tip ang mga ito para mapanatiling secure ang iyong mga device. Ang mga eksaktong hakbang ay posibleng naiiba para sa magkakaibang device at magbago sa paglipas ng panahon.**

Sa mga iPhone at iPad, karaniwang makikita mo ang isang setting sa pamamagitan ng pag-tap sa “Settings (Mga Setting)” sa Home Screen, pagkatapos ay pag-swipe pababa para ipakita ang search bar. (Para sa tulong, tingnan ang http://tiny.cc/iphonesearch.)

Sa mga Android device, mag-swipe pataas mula sa Home Screen: may lalabas na search bar na nagsasabing “Search Your Phone and More (Maghanap sa Iyong Telepono at Higit pa)”. I-type ang setting na hinahanap mo sa search bar.

## Gumamit ng browser na nakatuon sa pagkapribado

Ang mga browser tulad ng *Firefox* at *DuckDuckGo* ay idinisenyo nang isinasaalang-alang ang pagkapribado, kaya hindi ka tina-track ng mga ito hangga't posible. Subukang gamitin ang isa sa mga ito sa halip na ang browser na kasama sa iyong device.

## Pag-browse nang Pribado o Incognito

Karamihan ng mga browser ay may **Private** o **Incognito** mode. Pinipigilan ng mode na ito ang mismong browser sa pag-record ng kung anong mga site ang binisita mo, pero hindi nito pinipigilan ang mga site na iyon (o ang iyong provider ng internet, o iba pang app sa device mo) sa pag-record ng kung ano ang ginagawa mo.

**Icon key**

Private o Incognito mode

Mga Setting

# Ligtas na Pag-browse

## I-clear ang iyong history

Maghanap para sa “History”. Kung mayroon kang *Google* account, puwede mo ring i-clear ang iyong history sa *Google* at *YouTube*. Pumunta sa **myactivity.google.com** at i-off ang “Web & App Activity (Aktibidad sa Web at App)”, “Location History (History ng Lokasyon)”, at “YouTube History (History sa YouTube)”.

Para i-clear ang history ng iyong browser sa Safari, i-tap ang **Mga Setting**, pagkatapos ay Safari > Clear History and Website Data (I-clear ang History at Data ng Website), o maghanap para sa “Website Data (Data ng Website)”.

**Icon key**

Private o Incognito mode

Mga Setting

## Mag-sign in gamit ang anonymous na email

Maraming website at serbisyo ang gustong magbigay sa iyo ng email address para makapag-sign up. Kung hindi mo kailangang mag-click ng link sa pag-verify, puwede kang gumamit ng pekeng email address na ginawa sa **Sharklasers.com**.

Puwede ka ring gumawa ng libre, pribado, at secure na *Protonmail* address para hindi mo na kailangang gumamit ng address na posibleng makilala ng ibang tao.

## Gumamit ng matitibay na password

Puwede kang gumawa ng matibay na password sa pamamagitan ng pagsisimula sa isang pariralang madaling matandaan (tulad ng “Mahilig ako sa saging”) at pagkatapos ay pagpapalit sa ilan sa mga titik ng mga numero o character (tulad ng mga asterisk o tandang padamdam para gawin itong Mah!1!g@qSaS4g!ng).

Pero huwag gamitin ang parehong password para sa magkakaibang account. Lalong mahalaga na gumamit ng ibang matibay na password para sa iyong pangunahing email account, dahil doon ipapadala ang mga email sa pag-recover ng account. Puwede ka ring gumamit ng password manager tulad ng *1Password*. Kung gagamit ka nito, tiyaking matibay at naiiba ang password na gagamitin mo para dito sa lahat ng iba mo pang password.

MediaSmarts

*Financial contribution from*

Public Health Agency of Canada | Agence de la santé publique du Canada